



Mga Katunayan:

Tungkol sa Pagrereklamo

Ang Komisyon ng Manggagawa sa May-Kapansanan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission) ay tumatanggap ng mga reklamo laban sa sinumang manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria

Tungkol sa aming serbisyo sa mga pagrereklamo

Ang aming serbisyo sa mga pagrereklamo ay nagsasarili, walang pinapanigan at walang bayad. Kami ay isang di pangkaraniwang tagapagsa-ayos dahil ang aming tinututukan ay ang indibidwal na mga manggagawa. Tagapagsa-ayos kami ng lahat ng mga manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria, maging saan man ang pinanggagalingan ng pondo ng serbisyo.

Makapagrereklamo ka sa sinumang manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria

Wala tayong maling pinasukang daanan sa pagharap sa reklamo at nakikipagtulungan kami sa iba pang mga samahan. Kung ang inyong pinag-aalala ay bagay na hindi pangreklamo sa Komisyon ng Manggagawa sa May-Kapansanan sa Victoria (Victorian Disability Worker Commission), gagawin namin ang aming abot na makakayanan upang matulungan kang hanapin ang pinakamabisang makakatulong sa inyong ipinag-aalala.

OK lang ba na magreklamo tungkol sa isang manggagawa?

Oo, OK lang na magreklamo tungkol sa isang manggagawa. Mahalagang alam ng manggagawa sa may-kapansanan na hindi kayo nasiyahan o may bagay na mali. Ang pagrereklamo ay makakatulong sa manggagawa sa may-kapansanan na gumawa ng positibong mga pagbabago sa kanilang trabaho at kinagawian. Ang pagrereklamo ay isang magaling na paraan upang paghusayin ang mga serbisyo para sa lahat.

Kung hindi kayo nakatitiyak na magreklamo, matatawagan pa rin ninyo kami upang pag-usapan kung ano na ang mangyayari para sa inyo. Matutulungan namin kayo sa pagpapayo at impormasyon at magpasya kayo kung gagawin ninyo ang pagrereklamo.

Mga uri ng reklamo?

Makapagrereklamo ka sa sinumang manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria. Makapagrereklamo ka tungkol sa:

- kanilang pamantayan sa trabaho
- tungkol sa kaalaman, kasanayan o pagdedesiyon ng manggagawa sa may-kapansanan.
- kanilang kakayahan sa ligtas na pagdudulot ng mga serbisyo
- ang di-umanong pagkasuway sa Batas ng Pangangalaga sa Serbisyo ng May-Kapansanan 2018 (Disability Service Safeguards Act 2018 (Vic) o ng Mga Pangangalaga sa Serbisyo ng May-Kapansanan sa Koda ng Pag-aasal (Disability Service Safeguards Code of Conduct).

Kailangan ko bang ibigay ang mga detalyeng personal?

Tatanggapin namin ang mga reklamong di-nagpapakilala, at maaari mong hilingin na manatiling kumpidensyal ang inyong pagkakakilanlan. Kung pipiliin mong manatiling di-nakikilala, malamang malimitahan ang aming pag-iimbestiga o kung papaano mahaharap ang kaso at malamang pati na ang kalalabasan ng proseso sa mga reklamo.

Kapag pinili ninyong ibigay sa amin ang inyong mga detalye, aming kokolektahin, gagamitin, itatago at poprotektahan ang personal na impormasyon na siyang kinakailangang naming gawin ayon sa batas.

Visit vdwc.vic.gov.au
or call 1800 497 132

Paano magsagawa ng isang reklamo?

Makapagrereklamo ka sa pamamagitan ng:

- Buuin ang online form sa vdwc.vic.gov.au
- Tumawag sa amin sa 1800 497 132
- Sumulat sa amin sa GPO Box 181, Melbourne 3001
- Makakakuha tayo ng mga interpreter, pati na Auslan interpreter
- Maisasagawa natin ang harap-harapang pagpupulong para sa iyo

Tungkol sa Komisyon ng Manggagawa sa May-Kapansan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission)

Ang Komisyon ng Manggagawa sa May-Kapansan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission) ay isang bagong nagsasariling samahan. Pinangungunahan ni Commissioner Dan Stubbs, ang gawain nito ay para sa mahusay na maprotektahan ang mga taong may-kapansanan at magtatag ng mas malakas, mas ligtas na sektor ng may-kapansanan. May pananagutan ito sa koda ng pag-aasal, pagtatatag ng minimum na mga inaasahan sa lahat ng mga manggagawang tumutulong sa mga taong may-kapansanan, at ang serbisyo ng pagreklamo. Kapag inabisuhan, may kapangyarihan ito para mag-imbetiga at magbawal sa mga manggagawa na inilalagay sa peligro ang kaligtasan ng mga tao.

Ipanatili makabago

Bisitahin aming website vdwc.vic.gov.au
Sumali sa aming newsletter

Sundan kami



**Tumulong sa pagtatatag
ng mas malakas, mas
ligtas na sektor ng may-
kapansanan.**



Visit vdwc.vic.gov.au
or call 1800 497 132